



**PARA SA AGARANG PAGLALATHALA:** Disyembre 2, 2020

**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Ralph Borrmann - 415.760.0285

## **Hukuman, inaprubahan ang kasunduan sa Lehigh Cement para mabawasan ang mga emisyon ng hangin sa Cupertino**

*Mga limitasyon sa emisyon at kontrol sa polusyon, mas hinigpitan para mapaganda ang kalidad ng hangin*

**SAN FRANCISCO** – Inanunsyo ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ngayong araw na naaprubahan na ng hukuman ang isang decree sa pagpapahintulot na inihain noong nakaraang taon sa Hukuman ng Distrito ng U.S. para sa Silangang Distrito ng Pennsylvania ng Air District, Departamento ng Katarungan ng U.S., Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran ng U.S., at iba pang lokal na ahensya sa Lehigh Cement at Lehigh White Cement para mabawasan ang mga mapaminsalang emisyon ng hangin.

Babawasan ng kasunduan ang mga mapaminsalang emisyon ng hangin sa mga planta para sa pagmamanupaktura ng portland cement ng Lehigh Cement at Lehigh White Cement sa buong bansa, pati sa kanilang planta sa Cupertino. Lulutasin ng kasunduan ang mga pinaghihinalaang paglabag sa Clean Air Act. Bilang bahagi ng kasunduan, mamumuhunan ang Lehigh ng \$12 milyon sa teknolohiya sa pagkontrol ng polusyon sa 11 sa kanilang planta sa pagmamanupaktura ng portland cement, kung saan tatlo ang nasa California.

“Titiyakin ng Air District na masusunod ang mga tuntunin ng kasunduang ito sa pamamagitan ng mahigpit na pagsubaybay sa pasilidad ng Lehigh sa Cupertino,” ayon kay Jack Broadbent, ang tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Ang paghihigpit sa mga kontrol sa polusyon at limitasyon sa emisyon kaugnay ng kasunduang ito ay makakatulong sa pagprotekta sa kalidad ng hangin at sa pangangalaga sa kalusugan ng mga nakatira sa mga kalapit na komunidad.

Bukod pa sa pamumuhunan sa teknolohiya sa pagkontrol ng polusyon, gagawin ng Lehigh ang sumusunod:

- Pagbabayad ng \$119,353 sa Air District bilang bahagi ng kabuuang \$1.3 milyon sa mga sibil na multa sa U.S. EPA at mga pang-estado at lokal na panregulatoryong ahensiya.
- Pag-aatas na tumugon sa pinahigpit na limitasyon sa emisyon ng nitrogen oxide at sulfur dioxide.
- Pagsunod sa isang protokol na “test and set” sa susunod na taon para matukoy ang mga posibleng pinakamababang antas ng emisyon ng sulfur dioxide na makukuha sa pasilidad ng Cupertino.
- Pagtugon sa nakikitang emisyon ng mga kiln stack plume sa pamamagitan ng paghahanda ng protokol na partikular sa pasilidad ng Cupertino na nagdedetalye sa lahat ng hakbang na isasagawa para mabawasan ang mga labis na emisyon.

- Poponduhan din ng programa ang iba't ibang proyekto sa impra-istruktura sa hydrogen fueling, battery-charging, at electric plug-in para suportahan ang mga may-ari ng kagamitan sa paglipat ng kalakal para magtransisyon sa wala o halos walang emisyon.

“Isa ito sa maraming pagkilos na isinagawa ng Air District, at patuloy nitong pagsisikapang bawasan ang mga particulate para mas maprotektahan ang kalusugan ng mga tao,” ayon kay Rod Sinks, chair ng Lupon ng Mga Direktor ng Air District. “Kung mababawasan ang mga pinong particulate sa Lehigh kiln malapit sa Cupertino, mapapabuti ang mga residente sa Bay Area.” Ang nitrogen oxide at sulfur dioxide ay dalawang pangunahing pollutant na inilalabas mula sa planta ng semento, na nakakasira sa kapaligiran at puwedeng magdulot ng mga epekto sa kalusugan. Ang pagbabawas sa mga pollutant na ito ay inaasahang makakabawas din sa mga emisyon ng mga pinong particulate matter mula sa pasilidad.

Makakakita ng higit pang impormasyon tungkol sa decree na ito sa pagpapahintulot sa: <https://bit.ly/39zIWMI>.

Ang Bay Area Air Quality Management District ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#) at [YouTube](#).

###

---

*Air District Communications Office*  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105  
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)